

# WIKANG FILIPINO, WIKA KO

Isinulat ni: **MARITES H. SOLANO**

**Dalubguro I**

Mula kamusmusan, wikang turo ni inay natutunan  
Maging sa paglaki ko, di ko nakalilimutan.  
Bikol ang gamit ko pati ng aking mga magulang  
Kaya kami'y nagkakaunawaan sa aming munting tahanan.

Sa edad na lima, ako'y nagsimulang mag-aral  
Sa maaliwalas na silid ng aming paaralan.  
Wikang Filipino naglalagos sa aking isipan  
Ginagamit at ipinagmamalaki sa mga dayuhan.


Kang ako magpunta sa Camarines Norte  
Dae ko nasasabutan ang saindang lingguwahe.  
Sakong pinag-isip-isip Bikol man ngane  
Ngata ta laen man sa sakuyang pigsasabi?

Wikang Filipino napagpasyahan kong gamitin  
Na tinuro ng aking guro kaysarap pagyamanin.  
Nang di malito sa anumang kanilang sasabihin  
Wikang Filipino, Wikang nanunuot sa damdamin.

Isinulat ni:

  
**MARITES H. SOLANO**  
Master Teacher I

Iwinasto ni:

  
**MA. GINA M. TEMPLONUEVO**  
EPS I – Filipino

Pinagtibay:

  
**SOCORRO V. DELA ROSA, CESO V**  
Schools Division Superintendent

